



SERBISYONG PARA SA PAGAPLANO NG PAMILYA (FAMILY PLANNING SERVICES)

TUNGKOL SA SERBISYO

- Para kanino at ano ang serbisyo?
 - Para sa mga mamamayan ng Quezon, Quezon permanente man o pansamantalang residente.
 - Mga kababaihang nasa edad na maaring magdalangtao (reproductive age group); karaniwa'y 15-45 ngunit maaaring mas bata o mas matanda ayon sa sitwasyon.
 - Mag-asawa o nagsasamang lalaki at babae na naghahangad magplano ng kanilang pamilya.
 - Family Planning Program
 - Basic na edukasyon, kaalaman at pagpapayo tungkol sa pagplaplano ng pamilya
 - Pagbibigay at pagreseta ng angkop na pamamaraan ng pagpaplano ng pamilya (family planning commodities)
 - Pagbibigay ng tamang impormasyon sa iba't ibang pamamaraan ng pagplaplano ng pamilya; natural, traditional, artipisyal o modern man ang mga ito.
 - Kaukulang atensiyong medikal kung magkakaroon ng problema sa paggamit ng kahit anumang pamamaraan ng pagplaplano ng pamilya
- May bayad ang ibang mga pamamaraan para sa pagpaplano ng pamilya. Magtanong sa Midwife kung ano ang may bayad at ano ang libre.
- Schedule ng Serbisyo:
 - RHU Main:
 - Araw-araw kasabay ng regular na konsultasyon
 - Kasabay ng Family Planning Counseling na ginagawa bilang Premarital Counseling requirement ng ikakasal tuwing Miyerkules ng hapon.
 - BHS:
 - Kasabay ng buwanang pagdalaw ng Midwife sa kanilang nasasakupang lugar.

KABUUNG ORAS NA GUGUGULIN PARA SA SERBISYO: 20 minuto

MGA HAKBANG NA SUSUNDIN	ORAS SA BAWAT HAKBANG	TAONG NAMAMAHALA
<p>Registration at Screening: Aalamin at tutukuyin ng Midwife on Duty, Nurse o RN HEALS ang kabuuang datos ng pasyente at magsasagawa ng screening gamit ang checklist sa Family Planning Service Record. Matapos mailahad ng midwife ang lahat ng pagpipilian sa pasyente at mapagusapan nila ang kabutihan at kasamaan ng bawat isa, pipili ang pasyente ng pamamaraang angkop sa kanya.</p>	10 minuto	<p>Aida P. Maningas, RM Midwife 2</p> <p>Diosa O. Fuertes, RM Midwife 2</p> <p>Rhona P. Canimo, RM Midwife</p>
<p>Pagbibigay ng Serbisyo, Pagpapayo: Health Personnel on Duty (kadalasan Midwife):</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ibibigay ng nakaduty ang napiling pamamaraan sa pasyente • Kokolektahin ang bayad at itatala sa record kung kinakailangan. • Muling magpapayo ang health personnel tungkol sa napiling pamamaraan. • Tutukuyin at sasabihin sa pasyente ang susunod nitong follow-up check-up. 	10 minuto	